JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Ihsaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 5

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 4:
## Pagbibigay ng Mahahalagang Pangyayari sa Talaarawan at Talambuhay



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Filipino – Ikalimang Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Unang Markahan – Modyul 4: Pagbibigay ng Mahahalagang Pangyayari sa Talaarawan at Talambuhay**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Angela A. Nantes

**Editor:** Sheila Mae M. Magale

**Tagasuri:** Sheila Mae M. Magale/Riela Angela C. Josol

**Tagalapat:** Vicente S. Araneta Jr.

**Tagapamahala:** Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI- Schools Division Superintendent
Lourma I. Poculan - Asst. Schools Division Superintendent
Amelinda D. Montero - Chief Education Supervisor, CID
Nur N. Hussien - Chief, Education Supervisor SGOD
Riela Angela C. Josol - Education Program Supervisor- Filipino
Bernie P. Laranjo - Public Schools District Supervisor

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065)212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

# Alamin

Bagong aralin, halina't ating alamin!

Kumusta ka na! Nawa'y maging masigla kang muli para sa panibago nating aralin. Halika at sabay nating tuklasin ang bagong kaalaman.

Naranasan mo na bang sumulat ng talaarawan? At may alam kaba tungkol sa buhay ng ating mga bayani? Kung oo, tiyak na kagigiliwan mo ang araling ito. Sa talaarawan at talambuhay ay nakasaad ang mga mahahalagang pangyayari na nagbibigay ng mga importanteng impormasyon na magiging daan upang mas lalo nating maintindihan ang ating binabasa.

Gamit ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Naibibigay ang mahahalagang pangyayari sa nabasang talaarawan, talambuhay (**MELC F5PB-IIg-11**)

| Aralin 4 | Pagbibigay ng Mahahalagang Pangyayari sa Talaarawan at Talambuhay |
| --- | --- |

Ang isang kuwento ay magiging mas makabuluhankungmaibibigay natin ang mga mahahalagang pangyayaring nakapaloob dito. Sa pamamagitan nito ay magkakaroon ng interes ang mga magbabasa dahil magiging mas kapana-panabik ang takbo ng kuwento. Mas lalo ding maeengganyo ang mga magbabasa na ipagpatuloy at tapusin ito kaagad dahil napukaw ang kanilang damdamin sa daloy ng kuwento.



# Balikan

Nakaraang kaalaman …. Karugtong ng kasalukuyan!

Ngayon naman ay magbabalik-tanaw tayo sa ating nagdaang leksyon. Dito natin makikita kung may natandaan kayo sa ating natalakay noong nakaraang linggo.

**Panuto: Basahin ang kuwento at ibigay ang paksa nito.**


Ang inggit o selos ay nakasisira ng magandang relasyon o samahan. Kapag ito ang pinairal sa puso ay siguradong magkakaroon ng hidwaan o hindi pagkakaunawaan sa tahanan, paaralan, o sa lahat ng lugar kung saan ito maaaring maramdaman. Ito ay isang damdaming maaaring magtulak sa isang tao mag-isip o gumawa nang hindi mabuti sa kapwa.

Karaniwang hindi nagiging masaya ang nakararanas nito dahil pawang pagkaawa at pagmamaliit sa sarili ang namamayani sa taong nakararamdam nito. Kaya't sa oras na ito'y maranasan ay kaagad na ibaling sa magandang bagay ang isip at damdamin upang hindi mabigyang-daan ang masamang epekto o bunga nito.

(Hango sa Pinagyamang Pluma 6 Wika at Pagbasa para sa Elementarya 2016 p. 92-93)

**Ibigay ang paksa ng talata at isulat ito sa puwang:**

______________________________________________



# Tuklasin

Kaalaman ay hanapin… talino ay kakamtin!

Sana ay nasagot mo nang tama ang tanong. Tiyak na handang-handa ka na sa ating aralin!

**Gawain:**

Basahin at unawain ang talaarawan at sagutin ang mga tanong

**Ang Talaarawan ni Arlene**

Kalagayan: Papunta sa Lungsod ng Tangub sina Arlene. Ang paliparan ng eroplano o airport ay nasa Lungsod ng Dipolog. Sa Dipolog nakatira ang kaniyang Tita Carmen at Tito Teddy.

Doon muna sila matutulog. Itinala niya sa kaniyang talaarawan ang mga karanasan niya sa pagtigil doon.

Sabado, ikaw-3 ng Hunyo, 2006

Pagkakain ng agahan, ipinasyal kami ni Tita Carmen sa Rizal Shrine sa Dapitan. Ito pala ay nasa baybay-dagat. Napakalamig at sariwang-sariwa ang hangin na nagbubuhat sa dagat at napakalinaw ng tubig. Napakasarap langhapin ang sariwang hangin.

Linggo, ika-4 ng Hunyo, 2006

Pagkakain ng agahan, inihatid kami ni Tito Teddy sa Bus Terminal patungong Ozamis. Alas dose na kami nakarating sa Lungsod ng Tangub. Dito kami tatagal ng limang araw. Maulan ang lugar na ito kaya mura rito ang mga bungangkahoy. Napakalalaki ang inihain sa aming saging.

**Panuto:** Pagsunod-sunurin ang mahahalagang pangyayari sa talaarawan sa pamamagitan ng pagsulat ng bilang sa loob ng bilog.

◯ Pagkakain ng agahan, inihatid kami ni Tito Teddy sa Bus Terminal patungong Ozamis.

◯ Itinala niya sa kaniyang talaarawan ang mga karanasan niya sa pananatili doon.

◯ Pagkakain ng agahan, ipinasyal kami ni Tita Carmen sa Rizal Shrine sa Dapitan.

◯ Papunta sa Lungsod ng Tangub sina Arlene.

◯ Napakalalaki ang inihain sa aming saging.

◯ Dito kami tatagal ng limang araw.

◯ Alas dose na kami nakarating sa Lungsod ng Tangub.

# Suriin

**Kakayahan natin…. Ating tuklasin!**

Ang **talaarawan** ay kalipunan ng mga bugto-bugtong o baha-bahaging sulatin na nakasulat at nakaayos sa sunod-sunod na petsa o araw, na sumusunod sa porma ng kalendaryo.

(Hango sa https://tl.wikipedia.org/wiki/Talaarawan)

Ang **talambuhay** (mula sa pinagsamang mga salitang "tala" at "buhay" na may diwang "tala ng buhay") o **biyograpiya** ay isang anyo ng panitikan na nagsasaad ng kasaysayan ng buhay ng isang tao hango sa mga tunay na tala, pangyayari at impormasyon.

(Hango https://tl.wikipedia.org/wiki/Talambuhay)

Ang pagbibigay ng mahahalagang pangyayari ay isang mabisang paraan upang maiparating sa mga mambabasa ang mahahalagang impormasyong nakapaloob sa isang talaarawan at talambuhay. Sa ganitong paraan mas lalo itong maiintindihan at magiging kapana-panabik dahil mapupukaw nito ang interes sa kanilang binabasa.

# Pagyamanin

**Pang-unawa ay gamitin… talino ay paunlarin!**

**Gawain:** Basahin ang talambuhay at punan ng impormasyon ang tsart sa ibaba.

**Ang Talambuhay ni Gabriela Silang**



Si **Gabriela Silang,** na may buong pangalang María Josefa Gabriela Cariño Silang, ang asawa ng lider ng Ilokanong maghihimagsik na si Diego Silang. Si Gabriela Silang ay ipinanganak sa Barangay Caniogan, Santa, Ilocos Sur noong Marso 19, 1731.

Ang mga tao sa Abra ay nagsasabing siya ay ipinanganak sa Pidigan, Abra (ang dalawang lugar na ito ay hindi malayo sa isa't isa, at ang Abra ay hindi isinama bilang isang lalawigan hanggang sa unang bahagi ng ika-20 siglo).

Ang layunin ng grupo ni Diego Silang ay matiyak ang isang malayang Ilocos. Si Gabriela ay naging isa sa kanyang pinakamalapit na tagapayo sa tuwing nakikipaglaban ang grupo at laging sumasama sa kanila upang magbigay ng suporta at tulong sa labanan. Kasunod ng pagkamatay ni Diego Silang noong 1763, pinamunuan niya ang grupo sa loob ng apat na buwan.


Kasama ni Nicolas Cariño, Sebatian Andaya at Manuel Flores, hinati niya ang kanyang hukbo, at hinimok ang bayan ng Tingguian upang lumaban. Ang mga tropa ni Gabriela na binubuo ng 2000 mandirigma ay sumalakay sa mga Espanyol sa Vigan noong Setyembre 10, 1763. Ngunit ang anim na libong tropang Espanyol kasama ng sundalong Tagalog at Kapampangan ay handa sa kanilang paglusob. Tinambangan sila at nawaksi ang kanyang puwersa. Marami ang namatay subalit nakatakas siya kasama ng pitong iba pa. Sa kalaunan ay nahuli rin sila noong Setyembre 20, 1763 at sabay-sabay na sinintensiyahan ng kamatayan.


https://bayaningfilipino.blogspot.com/2017/08/talambuhay-ni-gabriela-silang.html

Panuto: Isulat sa sequence chart sa ibaba ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa Talambuhay ni Gabriela Silang na nasa kahon. Isulat ang inyong sagot sa isang papel.

- Ipinanganak siya sa Barangay Caniogan, Santa, Ilocos Sur noong Marso 19, 1731.
- Ang mga tropa ni Gabriela na binubuo ng 2000 mandirigma ay sumalakay sa mga Espanyol sa Vigan noong Setyembre 10, 1763.
- Sa kalaunan ay nahuli rin sila noong Setyembre 20, 1763 at sabay-sabay na sinintensiyahan ng kamatayan.
- Si Gabriela Silang, na may buong pangalang María Josefa Gabriela Cariño Silang, ang asawa ng lider ng Ilokanong maghihimagsik na si Diego Silang.
- Tinambangan sila at nawaksi ang kanyang puwersa at marami ang namatay subalit nakatakas siya kasama ng pitong iba pa.
- Si Gabriela ay naging isa sa kanyang pinakamalapit na tagapayo sa tuwing nakikipaglaban ang grupo at laging sumasama sa kanila upang magbigay ng suporta at tulong sa labanan.

Ang Talambuhay ni Gabriela Silang






## *Isaisip*

**Natutunan ay tandaan.... Gawing gabay sa kinabukasan!**

Tandaan:

Ang pagbibigay ng mahahalagang pangyayari sa talaarawan at talambuhay ay isang mabisang paraan upang mas lalo itong maunawaan ng mga mambabasa. Ang mga pangyayari ay nakaayos simula sa una hanggang sa huling pangyayari. Sa ganitong paraan ay mapupukaw ang interes ng mga magbabasa at magiging kapana-panabik ito para sa kanila.



## *Tayahin*

**Kakayanan sa aralin...Ating sukatin!**

Binabati kita! Narating mo na ang bahaging ito. Dito masusukat ang iyong husay sa pagbibigay ng mahahalagang pangyayari sa nabasang talaarawan at talambuhay. Inaasahan ko na mataas ang makukuha mong marka!

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang talaarawan at sagutin ang katanungan sa ibaba.

**Ang Talaarawan ni James**

Biyernes, Pebrero 7, 2014

Ngayong araw na ito ang ginawa ko lang buong araw ay magpahinga dahil hindi pa masyadong magaling ang kuliti sa aking mata kaya naman hindi ako pinapasok ng aking lola ngayon. Akala ko nga makakapasok ako ngunit hindi pero walang magawa sa bahay kaya't naisipan kong makinig ng radyo. Sobrang malas ko ngayon dahil nawalan ng kuryente sa kadahilanang nagkaroon daw ng sunog sa Brgy.4 kaya naman natulog na lamang ako.

Sabado, Pebrero 8, 2014

Ngayong araw na ito ang pinakamasakit na nangyari sa aking buhay dahil kinaumagahan ay hindi ko na maimulat ang aking mata dahil sa sakit ng aking malaking kuliti sa kaliwang bahagi ng aking mata.. Akala ko magaling na ito ngunit binigyan ako ng aking lola ng isang herbal na gamot para ilagay dito at naging maganda naman ang kinahinatnan dahil pagdating ng hapon ay unti-unting naalis ang sakit ngunit maga pa rin ang kanyang itsura kaya naman ay dadaanin na lamang sa dasal upang malagpasan ko ang sakit na ito.

(Hango sa http://jamescarlsalisi.blogspot.com/)

1. Sino ang nagkaroon ng kuliti sa mata?
   A. Arnold B. Bernard C. James D. Mark

2. Bakit hindi pinapasok si James ng lola niya? Dahil hindi pa magaling ang ______________ sa kaniyang mata.
   A. bukol B. kuliti C. pasa D. sore eyes

3. Saan nagkaroon ng sunog na ikinaputol ng koryente nila James?
   A. Brgy. 1 B. Brgy. 2 C. Brgy. 3 D. Brgy. 4

4. Ano ang nangyari kay James kinaumagahan?
   A. hindi niya maimulat ang kaniyang mata
   B. nagkaroon ng bukol ang kaniyang mata
   C. nagkaroon ng pasa ang kaniyang mata
   D. hindi niya maisarado ang kaniyang mata

5. Paano nakatulong kay James ang herbal na gamot ? Dahil sa herbal na gamot ay unti-unting naalis ang _________ ng kaniyang mata.
   A. bukol B. pasa C. sakit D. sore eyes

**Ang Talambuhay ni Emilio Jacinto**

Si Emilio Jacinto y Dizon (Disyembre 15, 1875 - Abril 16, 1899), ay isang Heneral ng Pilipinas sa panahon ng Rebolusyong Pilipino. Isa siya sa mga pinakamataas na opisyal ng Rebolusyong Pilipino at isa sa pinakamataas na opisyal ng rebolusyonaryong lipunan ng Kataas-taasan, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan o mas kilala sa tawag na Katipunan. Siya ay inihalal na Kalihim ng Estado para sa Haring Bayang Katagalugan, isang rebolusyonaryong gobyerno na itinatag noong sumiklab ang mga labanan. Kilala siya sa mga aklat-aralin sa kasaysayan ng Pilipinas bilang Utak ng Katipunan habang ang ilan ay nakikipaglaban na dapat siyang makilala bilang "Utak ng Rebolusyon" (isang pamagat na ibinigay kay Apolinario Mabini). Si Jacinto ay nasa Sigaw ng Balintawak kasama si Andres Bonifacio, ang Kataas-taasang Pangulo ng Katipunan, at iba pang mga miyembro nito na nagpahiwatig ng pagsisimula ng Rebolusyon laban sa kolonyal na pamahalaan ng Espanya sa mga isla.

Tulad ni Heneral Mariano Álvarez, tumanggi siyang sumali sa mga pwersa ni Heneral Emilio Aguinaldo, ang pinuno ng pangkat ng Magdalo ng Katipunan. Si Jacinto ay nanirahan sa Laguna at sumali rin sa milisya na

nakikipaglaban sa mga Espanyol. Si Jacinto ay namatay sa sakit na malaria sa Magdalena, Laguna, sa edad na 23. Ang kanyang labi ay inilibing sa Santa Cruz, Laguna, at inilipat sa Manila North Cemetery ilang taon na ang lumipas.

(Hango sa https://bayaningfilipino.blogspot.com/2017/07/si-emilio-jacinto-y-dizon-disyembre-15.html)

6. Sino si Emilio Jacinto?
   A. Pinuno ng mga kilalang manunulat.
   B. Lider ng mga pangkat etniko.
   C. Pangulo ng Pangkat ng Magdalo ng Katipunan.
   D. Heneral ng Pilipinas sa Panahon ng Rebolusyon.

7. Ang bansag kay Emilio Jacinto?
   A. Ama ng Katipunan
   C. Utak ng Katipunan
   B. Utak ng Himagsikan
   D. Ama ng Rebolusyon

8. Anong posisyon naihalal si Jacinto para sa Haring Bayang Katagalugan?
   A. Ingat-yaman
   C. Kalihim
   B. Pangulo
   D. Kalawang pangulo

9. Sa anong taon namatay si Jacinto?
   A. 24
   C. 25
   B. 23
   D. 22

10. Ano ang ikinamatay ni Emilio Jacinto?
   A. malaria
   C. diabetes
   B. pagkabulag
   D. dengue

# *Karagdagang Gawain*

Ang galing mo! Natapos mo nang sagutan ang ating mga pagsasanay.

Ngayon ay bibigyan naman kita ng dagdag na mga gawain upang lalo mo pang mapaunlad ang iyong kaalaman sa pagsasalaysay muli gamit ang mga pangungusap.

**Panuto:** Basahin ang talaarawan at ang mga mahahalagang pangyayaring nakapaloob dito.

**Ang Talaarawan ni Jing**

Biyernes, Hunyo 26, 2020:

Maaga akong nagising dahil ngayong araw ay may pasulit kami sa ESP. Naligo, nagbihis, kumain at nagsipilyo ako ng ngipin at nagpaalam na kay nanay. Sa paaralan habang akong naglalakad ay may isang batang nadapa, agad ko siyang itinayo ngunit nagdurugo ang kanyang tuhod kaya sinamahan ko siya patungo sa kaniyang silid-aralan. Hinatid naman siya ng kaniyang guro sa school clinic. Buti maaga akong pumasok kaya hindi ako nahuli sa aming klase.

Sabado, Hunyo 26, 2020:

Tanghali na akong gumising dahil nga walang pasok. Niligpit ko agad ang aking higaan at kinuha ang marurumi kong damit at nilabhan ko ito. Tinulungan ko si nanay sa paglilinis ng bahay. Bumili si tatay ng karneng manok at nagluto ng tinolang manok si nanay sa tanghalian. Masaya kaming kumain ng tanghalian. Sa hapon nanuod ako ng telebisyon. Kinagabihan ay nagbrown matapos kaming makapaghapunan kaya maaga akong natulog.

# Susi sa Pagwawasto

**Balikan**

Nakadepende sa sagot ng mag-aaral ang pag-iskor ng guro

**Tuklasin**

4|2|3|1|7|6|5

**Pagyamanin**

Gawain 1

- 2
- 4
- 6
- 1
- 5
- 3

**Tayahin**

1. C.
2. B.
3. D.
4. A.
5. C.
6. D.
7. C.
8. C.
9. B.
10. A.

# Sanggunian


***Aklat***

Pinagyamang Pluma 6 Wika at Pagbasa para sa Elementarya 2016 p. 92-93

**Website**

https://tl.wikipedia.org/wiki/Talaarawan

https://tl.wikipedia.org/wiki/Talambuhay)

https://bayaningfilipino.blogspot.com/2017/08/talambuhay-ni-gabriela-silang.html

http://jamescarlsalisi.blogspot.com/

https://bayaningfilipino.blogspot.com/2017/07/si-emilio-jacinto-y-dizon-disyembre-15.html)